Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeMs)

# FILIPINO 9 (Ikaapat na Markahan-USLeMs:5)

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Maria Idalyn L. Pagunsan |
| **Tagaguhit:** | Paolo N. Tardecilla |
| **Tagalapat:** | Maru U. Panganiban |
| **Tagasuri ng Nilalaman:** | Adelwisa P. Mendoza |
| **Tagasuri ng Wika:** | Galcoso C. Alburo |
| **Tagapamahala:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Dr. Sheryll T. Gayola, SDS SDO-Marikina City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR<br>Dr. Elisa O. Cerveza, CID Chief SDO-Marikina City<br>Dr. Gloria G. Tamayo, EPS in Filipino-NCR<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR<br>Galcoso C. Alburo, EPS in Filipino SDO-Marikina City<br>Ivy Coney A. Gamatero, LR EPS SDO-Marikina City<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Menere R. Nasiad, PDO SDO-Marikina City<br>Catherine C. Paningbatan, Librarian SDO-Marikina City |

(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

# Inaasahan

Sa pag-aaral ng USLeM na ito, inaasahang maisagawa mo ang sumusunod:

A. Nakasusulat ng iskrip ng *Mock Trial* tungkol sa tunggalian ng mga tauhan sa akda; at
B. Nagagamit ang mga angkop na ekspresyon sa pagpapahayag ng:
- damdamin
- matibay na paninindigan

# Unang Pagsubok

Bago ka mag-umpisa ng aralin, subukin muna natin ang iyong kaalaman gamit ang gawain sa ibaba. Ilagay sa hiwalay na papel ang *output.*

**#Sulat-Mulat:** Sulat na Mapanggising, Aking susulatin!

- Sa gawaing ito, malaya kang ipahayag ang iyong tinig o boses. Ipahayag ang iyong sariling damdamin o pananaw sa mga karapatang nalalabag sa nakatalang sitwasyon gamit ang pagsulat ng isang liham. Ito ay dapat nagtataglay ng mga bahagi ng liham. Ang mga sitwasyong nakatala sa ibaba ang magsisilbing pokus ng gawain.

**Sitwasyon 1:**

Nakita nina Ibarra at matanda ang sepulturero. Sinabi nila ang palatandaan ng libingan ni Don Rafael. Tumango ang tagapaglibing. Pero, nasindak si Ibarra ng ipagtapat ng sepulturero na kaniyang sinunog ang krus at itinapon naman ang bangkay sa lawa dahil sa utos ni Padre Garrote. Higit umanong mabuti na mapatapon ang bangkay sa lawa kaysa makasama pa ito sa libingan ng mga intsik.

Parang pinagtakluban ng langit at lupa si Ibarra. Nasindak siya ng husto. Ang matanda naman ay napaiyak sa kaniyang narinig. Parang baliw na nilisan ni Ibarra ang kausap hanggang sa makasalubong niya si Padre Salvi na nakabaston na may puluhang garing.
Kaagad na sinaluhong ni Ibarra si Padre Salvi. Bakas sa mukha ni Ibarra ang nag-aalab na poot at galit sa dibdib. Nararamdaman iyon ni Padre Salvi. Tinanong ni Ibarra si Padre Salvi kung bakit nagawa nila ang malaking kalapastangan sa kaniyang ama. Sumagot si Padre Salvi na hindi siya ang may kagagawan niyon kundi si Padre Damaso na tinawag na Padre Garrote.

- Mga Banta ng Unos
https://tl.wikipedia.org/wiki/Talaan_ng_mga_kabanata_sa_Noli_Me_Tangere

**Sitwasyon 2:**

Habang nag-uusap ang magkapatid, ang sakristan mayor ay walang kilatis na nakapanhik sa palapag na kinaroonan nila. Antimano, puyos ito sa galit. Sinabi niya kay Basilio na ito ay kaniyang minumultahan dahil sa hindi tamang pagtugtog ng kampana. Kapagdaka, si Crispin naman ang hinarap at sinabing hindi ito makakauwi hanggang hindi niya inilalabas ang dalawang onsa na binibintang sa kaniya. Tinangkang mangatwiran ni Basilio, pero sinansala siya ng sakristan mayor sa pagsasabing kahit na siya ay hindi makakauwi hanggang hindi sumasapit ang eksaktong ika-10 ng gabi. Gimbal si Basilio sapagkat ika-9 pa lamang ng gabi ay wala ng puwedeng maglakad sa lansangan kung gabi. Makikiusap pa sana si Basilio, pero biglang sinambilat ng sakristan mayor si Crispin sa bisig at kinaladkad na papanaog sa hagdanan hanggang sa sila ay lamunin sa dilim. Dinig ni Basilio ang pagpapalahaw ng kapatid. Pero, wala siyang magawa, naiwan itong parang tulala. Ang bawat pagsampal ng sakristan kay Crispin ay sinusundan ng masakit na pagdaing. Nanlaki ang mata at nakuyom ni Basilio ang kaniyang palad sa sinapit ng kapatid.

.- Mga Sakristan
https://tl.wikipedia.org/wiki/Talaan_ng_mga_kabanata_sa_Noli_Me_Tangere

## Balik-Tanaw

Bago ka magpatuloy, balikan muna natin ang kasanayang natutuhan mo sa nakaraang aralin gamit ang gawain sa ibaba.

A. Ilahad ang inyong pananaw kaugnay ng mga tauhan sa ibaba. Itala kung paano naipakita ng mga tauhan ang kanilang pag-ibig sa isa't isa. Maglahad ng maikling paglalarawan.

Crisostomo Ibarra sa kaniyang ama → ______________________________

Sisa sa kaniyang mga anak → ______________________________

Crispin at Basilio → ______________________________

Sa nakaraang aralin natutuhan kong ______________________________
______________________________

Ngayon, batid kong nauunawaan mo na ang dating aralin. Kaya naman, magpatuloy na ka sa bagong kasanayang lilinangin. Handa ka na ba?

# Pagpapakilala ng Aralin

Sa araw-araw na pakikisalamuha natin sa iba, hindi nawawala ang pakikipagtalastasan at pagpapahahayag ng sarili. Sa pagpapahayag ng ating sarili mahalagang malaman natin ang angkop na ekspresyon o damdamin na dapat gamitin bilang tugon sa sitwasyon o paksa na pinag-uusapan o pinagdaraanan. Mahalagang batid natin kung saan at kailan dapat ginagamit ang isang salita o parirala sa pagpapahayag ng damdamin. Sa pamamagitan nito, maaari nating maimpluwensiyahan at mapukaw ang damdamin ng mambabasa o tagapakinig. Wika nga, "Ang pluma ay sandata; Ang salita ay kapangyarihan."

Mayroon tayong iba't ibang paraan sa pagpapahayag ng ating ekspresyon o damdamin. Pansinin ang sumusunod:

**Pagpapahayag ng Damdamin**

- sa pagpapahayag ng damdamin mahalagang bigyang-pansin ang mga salitang ginagamit, ang ekspresyon ng mukha at maging ang mga hindi pasalitang komunikasyon.

| **Mga Paraan ng Pagpapahayag ng Damdamin** | |
|---|---|
| Mga Pangungusap na Padamdam | Nagpapahayag ng matinding damdamin o emosyon. Ginagamitan ito ng tandang padamdam (!)<br>Halimbawa:<br>• Nakupo, ang bata nasagasaan!<br>• Maawa ka, Huwag mo akong patayin! |
| Maikling Sambitla | Ito ay mga sambitlang iisahin o dadalawahing pantig na nagpapahayag ng matinding damdamin.<br>Halimbawa:<br>• Sunog! May sunog!<br>• Wow! Sadyang napakaganda mo ngayon. |
| Mga Pangungusap na Nagsasaad ng Tiyak na Damdamin | Hindi nagsasaad ng matinding damdamin, ngunit nagpapakita ng tiyak na emosyon o damdamin.<br>Halimbawa:<br>• *Nakatutuwang* isipin na magkasundo na kayo.<br>• *Nasaktan* ako sa mga sinabi mo. |
| Mga Pangungusap na Nagpapahiwatig ng Damdamin sa Hindi Tuwirang Paraan | Gumagamit ito ng matatalinghagang salita sa halip na tuwiran o direktang paraan.<br>Halimbawa:<br>• *Nag-aapoy sa galit* ang ina dahil sa ginawa ng anak.<br>• *Abot langit ang ngiti* ni Anna sa pag-uwi ng kanyang asawa. |

**Pagpapahayag ng Paninindigan**

- Mas masidhi kaysa sa pananaw o opinyon ang pagpapahayag ng may paninindigan. Maaari nitong maapektuhan ang paniniwala at prinsipyo ng tao sa buhay. Ito ay nagpapakita ng ating posisyon sa isang paksa. Maaari nating gamitin ang mga hudyat sa pagsang-ayon at pagsalungat sa ganitong pagpapahayag.

**Ganap na Pagsang-ayon**

- Naninindigan ako...
- Sang-ayon ako...
- Kaisa mo ako sa bahaging iyan...
- Lubos akong nananalig...
- Talagang kailangan...
- Iyan ay nararapat...
- Tama ang sinabi mo...
- Totoong...
- at iba pa

**Ganap na Pagsalungat**

- Ayaw ko ang pahayag na...
- Hindi totoong...
- Hindi ako naniniwala riyan...
- Hindi ako sang-ayon dahil...
- Hindi ko matanggap ang iyong sinabi...
- Maling-mali talaga ang iyong...
- Sumasalungat ako na...
- at iba pa

Mahalagang maging buo at matibay ang paninindigan upang higit na maging kapani-paniwala ang pahayag sa isang paksa o isyu. Kailangang hindi pabago-bago at urong-sulong - dapat na may kaisahan ang paninindigan. Pansinin ang mga halimbawang pahayag sa ibaba.

Halimbawa:

- Naninindigan ang simbahan sa di pagbibigay pahintulot sa usapin ng *same sex marriage.*
- Hindi ako naniniwalang kasalanan ng pamahalaan ang paghihirap ng mga Pilipino.

Tandaan, nakatutulong ang mga ekspresyon o pahayag na ito sa pagpapatotoo ng isang salaysay, pananaw o opinyon. Higit din nitong naipamamalas ang emosyon o nadarama ng tagapagsalaysay o mambabasa.

# Gawain

**GAWAIN A:** Basahin ang halimbawa ng isang *Mock Trial Script* sa ibaba.

**Mga Hakbang sa isang Paglilitis**

**Tagapamahala:** "Magsitayo ang lahat. Ang Korte ng _______________ ay nasa sesyon na ngayon. Ang kagalang-galang na Hukom na si ______________ ang mangunguna sa sesyon na ito."

**Hukom:** Lahat ay maaari ng umupo liban sa mga lupong tagahatol. G/Gng. ___________ (Tagapamahala), pasimulan ang panunumpa na sa harapan ng mga lupong tagahatol.

**Tagapamahala:** Itaas ang inyong kanang kamay. Ipinangangako n'yo ba na bibigyan ng tamang hatol ang kasong ito at pakikinggan ng walang pagkiling ang mga nasasakdal? (sasagot ng OO ang mga tagahatol)
Maaari ng magsiupo ang lahat.

**Hukom:** Lupon ng tagahatol, ang inyong tungkulin ay tukuyin kung ang nasasakdal ay may sala o wala base sa mga ebidensya at katotohanang inilalahad ng bawat panig sa kasong ito. Ang prosekyusyon ay dapat mapatunayan na ang krimeng ipinapataw sa nasasakdal ay may katotohanan. Samantala, kung hindi mapatunayan at hindi naging sapat ang ebidensyang inilatag para sa inyo, nangangahulugan lamang ito na dapat mapawalang-sala ang nasasakdal. G./Gng ____________(Tagapamahala), ano ang kaso ngayon?

**Tagapamahala:** Kagalang-galang na hukom, ang kaso ngayon ay ang pang-aabuso sa isang batang menor-de-edad na nagdulot ng matinding takot at trauma na dahilan ng pagpapakamatay umano nito. Ang nasasakdal na si _________ay inaakusahan ng paglabag sa Child Protection Policy at Violence Against Women and Children Policy.

**Pambungad na Pahayag:** Una ang tagausig, pagkatapos ay abogado ng nasasakdal, ipaliliwanag kung ano ang inyong katibayan o ebidensya at kung ano ang susubukan niyong patunayan.

**Prosecution's or Plaintiff's Case:** Ang mga saksi ay tinawag upang magpatotoo at ipakita ang iba pang katibayan. Ang bawat testigo na tinawag ay uusisahin ng depensa.

**Kaso ng Defendant:** Pareho ng ikatlong hakbang na ginawa maliban na lamang sa bahagi na ang saksi ay direktang susurihin ng prosecution.

**Pagtatapos na Pahayag:** Sinisiyasat ng abogado ng magkabilang panig ang katibayan na ipinakita at humihiling ng desisyong na pabor sa kanila.

**Mga Tagubilin ng Tagahatol**: Ang tagahatol ay ipaliliwanag sa hukom ang mga naaangkop na mga patakaran ng batas na dapat isaalang-alang sa pagtimbang ng mga ebidensya.

**Panuto:** Sagutin nang pasalita ang mga tanong batay sa binasang iskrip sa itaas:

1. Ano ang Mock Trial?
2. Bakit kailangang isagawa ang *mock trial* bago ang mismong sesyon sa hukuman?
3. Ano-ano ang hakbang na kinakailangan sa pagsulat ng ganitong klase ng iskrip?
4. Anong klase ng ekspresyon sa pagpapahayag ang dapat gamitin sa ganitong uri ng senaryo? Ipaliwanag ang sagot
5. Nakatutulong ba ang angkop na paglalatag ng pahayag sa ganitong senaryo? Bakit? Patunayan.

**GAWAIN B: #ISKRIP-*ACT***

**Panuto:** Gamit ang halimbawang iskrip sa Gawain A bilang padron, bumuo ka ng sarili mong *"Mock Trial Script"* sa isa sa mga aralin sa Noli Me Tangere. Pagkatapos, iakto ito at kuhanan ng bidyo gamit ang camera o cellphone.

**Pamamaraan:**

1. Pumili ng isang aralin na nais talakayin mula sa Noli Me Tangere.
2. Bigyang-pansin ang tunggalian ng mga tauhan sa napiling aralin.
3. Manaliksik ng mga datos o impormasyon kaugnay ng paksang napili.
4. Gamitin ang mga ekspresyon sa pagpapahayag ng damdamin at paninindigan. Salungguhitan ang mga ito.
5. Simulang isulat ang iyong iskrip.
6. Kuhanan ng bidyo ang sarili habang isinasadula ito.
7. Gamitin ang rubrik sa ibaba.

**Pamantayan sa Pagmamarka**

| PAMANTAYAN | Napaka husay (5) | Mahusay (4) | Katamtaman ang husay (3) | Di-gaanong Mahusay (2) | Walang Kahusayan (1) |
|---|---|---|---|---|---|
| **NILALAMAN** (Angkop sa gawain ang paksang napili) | | | | | |
| **PRESENTASYON** (Maayos at malinaw na naipakikita ang ideyang hinihingi ng gawain) | | | | | |
| **PAGLALAHAD** (Mahusay na naipakita/ nailahad ang naging resulta ng isinagawang gawain ) | | | | | |
| **KAISAHAN** (Naipakita ang kaisahan ng mga ideya) | | | | | |

# Tandaan

Sa pagpapahayag ng damdamin at paninindigan, mahalagang magsimula kang magsalaysay gamit ang iyong sariling perspektiba o pananaw. Kinakailangang batid mo ang iyong sariling pananaw o damdamin nang sa gayon ay mas madali mong maipahayag ang iyong sarili at maipasa ang ideyang nais ipaunawa sa iba. Ang pag-unawa sa sariling pananaw ang siyang magsisilbing-daan upang higit mong mapagtibay ang iyong paninindigan sa isang isyu o usapin. Magagawa mong maiangkop ang ekspresyong nais ipabatid sa iba. Ika nga, "Hindi mo magagawang maipasa sa iba ang bagay na hindi mo taglay." Hindi natin maipipilit na tanggapin ng iba ang iyong ideya kung una pa lamang ay hindi ka naman sigurado dahil hindi mo naman ito taglay.

Sa pagpapahayag ng damdamin at paniindigan maaari mong gamitin ang sumusunod:

| **Paraan sa Pagpapahayag ng Damdamin** | |
|---|---|
| Pangungusap na Padamdam | Gumagamit ng tandang padamdam sa dulo ng pangungusap (!) |
| Maikling Sambitla | Binubuo ng isa o dalawang pantig. Nagpapakita ng matinding damdamin. |
| Pangungusap na may Tiyak na Damdamin | Tuwirang paglalahad ng nararamdaman o saloobin |
| Pangungusap na Nagpapahiwatig ng Damdamin | Di-direktang pagbanggit ng nararamdaman. Gumagamit ng matatalinghagang pahayag. |
| **Paraan ng Pagpapahayag ng Paninindigan** | |
| Hudyat ng Pagsang-ayon | Hudyat ng Pagsalungat |

# Pag-alam sa mga Natutuhan

Suriin ang iyong mga natutuhan sa tulong ng sumusunod na gawain:

A. Basahin at unawain ang bahagi ng aralin sa Noli Me Tangere. Isulat ang iyong damdamin o saloobin sa tauhan at ilahad ang iyong paninindigan sa mga karapatang nalabag sa loob ng binasa.

Lito ang isip na tumatakbong pauwi si Sisa. Matinding bumabagabag sa kaniyang isip ang katotohanang sinabi sa kaniya ng kawani ng kura. Para siyang tatakasan ng sariling bait sa pag-iisip kung paano maililigtas sina Basilio at Crispin sa kamay ng mga sibil. Tumindi ang sikdo ng kaniyang dibdib. Nang papalapit na siya sa kaniyang bahay ay natanaw niya ang dalawang sibil na papaalis na. Saglit na nawala ang kaba sa kaniyang dibdib. Hindi kasama ng mga sibil ang isa man sa kaniyang mga anak.

Gayunman, sa sumunod na sandali, muling sinakmal ng matinding pangamba si Sisa. Nang makasalubong niya ang dalawang sibil. Pilit na tinatanong siya kung saan niya di-umano itinago ang dalawang onsang ninakaw ng kaniyang anak. Pilit na pinaamin din siya tungkol sa paratang ng kura. Kahit na magmamakaawa si Sisa, hindi rin pinakinggan ang kaniyang pangangatwiran. Hindi siya pinaniwalaan ng mga sibil. Sa halip pakaladkad na sinama siya sa kuwartel.

Muling nagsumamo si Sisa, pero mistulang bingi ang kaniyang mga kausap. Ipinakiusap ni Sisa na payagan siyang mauna ng ilang hakbang sa nga sibil habang sila ay naglalakad patungong kuwartel kapag sila ay nasa kabayabnan na.

Pagdating nila sa bayan, tiyempong katatapos pa lamang ng misa. Halos malusaw sa kahihiyan si Sisa. Kaagad na ipinasok siya sa kwartel. Nagsumiksik siyang parang daga sa isang sulok. Nanlilimahid ang kaniyang damit. Ang buhok naman niya ay daig pa ang sinabungkay na dayami. Gusot-gusot ito. Ang kaniyang isip ay parang ibig ng takasan ng katinuan.

Sa bawat paglipas ng sandali, nadagdagan ang kasiphayuan ni Sisa. Magtatanghali, nabagbag ang damdamin ng Alperes. Iniutos na palayain na si Sisa. Ngunit hinang-hina na siya. May dalawang oras din siyang nakabalandra sa isang sulok.

Paika-ika na naglakad si Sisa hanggang sa muli siyang makarating sa kaniyang bahay. Dagling umakyat siya sa kabahayan. Tinawag ang pangalan ng mga anak. Paulit-ulit, parang sirang plaka. Ngunit hindi niya ito makita, kahit na panhik panaog ang ginawa niya. Tinungo niya ang gulod ,at sa may gilid ng bangin. Wala ang kaniyang hinahanap. Patakbo siyang bumalik sa bahay.

Natapunan niya ng pansin ang isang pilas ng damit ni Basilio na may bahid ng dugo. Hawak ang damit, pumanaog siya ng bahay at tiningnan sa sikat ng araw ang pilas ng damit na nababahiran ng dugo. Nilulukob ng matinding nerbiyos ang buong katawan. Ano na ang nangyari sa kaniyang mga anak. Hindi madalumat ang nararamdaman niyang kasiphayuan.

Naglakad-lakad siya kasabay ng pasaglit-saglit na pagsigaw ng malakas. Ang banta ng pagkabaliw ay unti-unting lumalamon sa kaniyang buong pagkatao.

Kinabukasan, nagpalaboy-laboy sa lansangan si Sisa. Ang malakas na pag-iyak, hagulgol at pasigaw na pagsasalita at kung minsan ay magkasabay na ipinakita ang kaniyang kaanyuan. Lahat ng mga taong nakakasalubong niya ay nahihintakutan sa kaniya.

**Kuwento ng Isang Ina**
https://tl.wikipedia.org/wiki/Talaan_ng_mga_kabanata_sa_Noli_Me_Tangere

**Panuto:** Kompletuhin ang ideya sa ibaba gamit ang binasang bahagi ng akda.

Matapos kong mabasa ang akda ______________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

Naniniwala ako na __________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

Kung may isang bagay akong nais ituwid o baguhin sa pagkatao ng tauhan ay ________________________________________________
dahil_______________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

Ang mga nalabag na karapatan sa aking binasa ay:
1.
2.
3.
4.
5.

B. Gamit ang iyong tugon sa Gawain A, ipagpalagay ang iyong sarili bilang isang hukom. Anong hatol ang nais mong ipataw sa mga tauhan sa akda batay sa mga karapatang nalabag dito?. Isa-isahin at ipaliwanag.

| Ang Aking Paninindigan | Nalabag na Karapatan | Ang aking Hatol |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

# Pangwakas na Pagsusulit

Ngayong naunawaan mo na ang aralin, oras na para sukatin ang iyong natutuhan.

A. Tukuyin ang paraan sa pagpapahayag ng damdamin na ginamit sa mga pahayag sa susunod na pahina. Isulat sa patlang ang letra ng inyong sagot.

| | |
|---|---|
| A. Maikling Sambitla | C. Pangungusap na may Tiyak na Damdamin |
| B. Pangungusap na Padamdam | D. Pangungusap na Nagpapahiwatig ng Damdamin |

______ 1. Nakatutuwa naman siya. Mukhang masayahin siyang tao.
______ 2. Haha! Ang sakit ng panga ko sa katatawa sa sinabi mo!
______ 3. Pakiusap, maawa ka sa akin!
______ 4. Gabundok ang problema ng Pilipinas ngayon.
______ 5. Nakapanlulumo ang karahasang naganap sa Mindanao.

B. Pumili ng isang paksa sa ibaba. Bumuo ng isang iskrip na nagpapakita ng iyong paninindigan sa napiling paksa. Mamarkahan ang pagsulat gamit ang rubrik sa ibaba.

A. Pagpili ng Bakuna kontra COVID-19
B. Pagbabalik ng Lockdown sa Metro Manila
C. Online Distance Learning vs. Face to Face Learning

| PAMANTAYAN | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|
| 1. Nilalaman | Angkop ang pagtalakay ng nilalaman sa paksang napili. | Di-gaanong natalakay sa nilalaman ang paksang napili | Hindi natalakay ang paksang napili |
| 2. Presentasyon | Mahusay na naipakita ang paninindigan sa paksang napili gamit ang mga nakalap na impormasyon | Di-gaanong sapat ang nakalap na impormasyon sa paglalahad ng paninindigan sa napiling paksa. | Walang nailahad na impormasyon na magpapakita ng paninindigan sa paksang napili. |
| 3. Kaangkupan ng Pagpapahayag ng Ekspresyon | Kitang-kita ang ekspresyon o damdamin sa napiling paksa | Di-gaanong naipakita ang ekspresyon o damdamin sa napiling paksa | Hindi naipakita ang ekspresyon o damdamin sa napiling paksa |

# Susi sa Pagwawasto

**Pangwakas na Pagsusulit A:**
1. C
2. A
3. B
4. D
5. C

# Sanggunian

Pinagyamang Pluma para sa Ikasampung Baitang ng Phoenix Publishing House
https://frontlearners.com/blended/pluginfile.php/7471/mod_resource/content/2/index.html
https://tl.wikipedia.org/wiki/Talaan_ng_mga_kabanata_sa_Noli_Me_Tangere